# Every Church a Study Center

## Kabataang Pilipino, Pag-asa o Problema ng Bayan ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised March 11, 2022

## Panimula

Ang isang mahalagang bagay na maituturo ng magulang sa anak ay ang ibig sabihin ng *No*. Kung ang bata ay mahilig magtapon ng kung ano mang bagay na kanyang mahawakan, ang pagsabihan siya ng *No* bago niya gawin ang bagay na iyon ay benepisyo para sa kanya. Kung ang bata ay naglalaro ng posporo, dapat sabihan siya ng *No* at pagkatapos ay ipaliwanag kung bakit hindi niya dapat gawin ang bagay na iyon.

Ang isang bata na lumaki sa tahanan na normal ang magmurahan ay hindi mag-aatubiling magmura sapagkat sa kanyang isip ito ay normal. Ang batang lumaki sa tahanan na madalas ang awayan ay magiging basagulero sa eskuwelahan. Dadalhin ng bata ang masamang ugali na kanyang kinalakhan na bunga ng kakulangan sa paggamit ng salitang *No* ng kanyang mga magulang.

Ang batang natuturuan ng tama habang lumalaki ay nagkakaroon ng tamang pang-unawa sa kahalagahan ng salitang *No*. Marami ang mga *threats* o banta sa buhay ang mai-encounter ng bata kapag siya nagsimula nang pumasok sa eskuwela. Marami ang mga bata sa eskuwelahan ang hindi naturuan ng tama ng magulang at ang kalalabasan ng mga ito ay ang pagiging *threats* sa ibang bata. Dahil dito, ang bata na ayaw mapunta sa kapahamakan ay dapat marunong magsabi ng *No*.

Ang pinakamabigat na utos ng Diyos sa mga ama ng tahanan ay ang ituro ang Kanyang salita sa mga anak habang sila ay bata pa; at ituro ito nang palagian - araw at gabi - habang sila ay lumalaki. Walang ano mang *excuse* ang tatanggapin ng Diyos kung ang ama ay magkukulang sa bagay na ito. Subalit, ang pagtuturo ng salita ng Diyos sa tahanan ay halos walang katuparan dito sa ating bansa.

### Part One. Ang Four Biggest Threats

***Threat No. 1 - Premarital Sex***. Masyado nang nakakabahala ang statistics tungkol sa teenage pregnancy. Wala na ba talagang pinapakinggan ang mga kabataan ngayon? Ang kanilang sinusunod ba ay pakiramdam na lamang? Na ang Pilipinas bilang isang Christian country ay wala nang kahulungan?

*Kung saan ka masaya, 'yun ang gawin mo!* Ito ay isa lamang sa mga nagiging kaisipan ng mga kabataan ngayon. Sa halip na mamalagi at tumulong sa bahay, magbasa, o mag-aral, gugustuhin pa nilang maglakuacha, magpunta sa internet shop para maglaro ng on-line games, mag-social media o makipag-on-line chat. Dito sila nakakaramdam ng kasiyahan. Hindi na mahalaga kung ang ginagawa nila ay tama o mali, mabuti o masama. Wala nang isip-isip. Sige na lang nang sige. Kaya naman ngayon, walang pakundangan kung magsalita at kumilos ang mga kabataan.

Sa kasalukuyan, sobrang mapusok na ang mga kabataan. Ito ang dahilan kung bakit pataas ng pataas ang premarital sex rate na nauuwi naman sa teenage pregnancies sa ating bansa. Ang mga teenagers na nabubuntis taon-taon sa buong bansa ay lampas 200,000 na. Babies making babies, 'ika nga sa America.

***Threat No. 2 - Illegal Drugs.*** Ang mga kabataan na dapat sana ay pag-asa ng bayan ang nagiging problema ng lipunan. Simula grades 5 and 6 pa lamang ay makikita na silang naninigarilyo, umiinom ng

alak, humihithit ng marijuana o gumagamit ng droga. Sa halip na maging high sa pag-aaral, sila ay nagpapaka-high sa iba't ibang uri ng ipinagbabawal na gamot.

Ang mga ipinagbabawal na gamot ay nakapagpapabago at nagbibigay ng masamang epekto sa takbo ng isip at pagkilos ng tao. Dapat maging aware ang mga magulang na ang pinaka-abused drug na ginagamit ng mga kabataan ngayon ay alak at sigarilyo. Ito ay patungo sa paggamit ng iba't ibang illegal drugs.

Ang kabataan na nasasangkot sa paggamit ng illegal drugs kadalasan ay napre-pressure lamang ng mga kakilala, dahil sa pagnanasa na makamtan ang paghanga o pakikisama ng mga astig sa grupo. Ang mga kulang sa pansin naman ang madaling masilo ng tactikang ito.

***Threat No. 3 – Sugal.*** Ang pagsusugal ay maaaring humantong sa addiction. Mahirap paniwalaan at mas mahirap tanggapin. Maraming sugarol ang *on-denial* kapag addiction na ang pinag-uusapan. Sa America, mayroong *Alcoholic Anonymous* at mayroon ding *Gamblers Anonymous*.

Kadalasan, nagsisimula ang mga bata sa kara y cruz, taga-taya sa jueteng, karera at kung ano-anong klase ng sugal. Kapag ang isang tao ay mahilig maglagay ng bet sa kung saan-saang palaro – tulad ng boxing, basketball, karera – pagtagal-tagal ay siguradong patungo na siya sa big-time gambling tulad ng casino (iyon naman ay kung may pera siya). Tulad din ng mga nahihilig sa pag-inom ng alak, ang gambling ay nakaka-addict. At igigiit rin niya na maaari niyang iwasan ito, *anytime,* kapag mayroon nang sumisita sa kanya. Ito ang tinatawag nating *on-denial*. Hindi niya matanggap ang katotohanan tungkol sa kanyang problema kahit magka ubos-ubos ang kanyang suweldo.

Ang pinakapopular na sugal sa Pilipinas ay jueteng. Dahil maliit lamang ang tayaan, bata, matanda, lalaki, babae, ang lahat ay gustong maging one-day-millionaire. Ang hindi pumapasok sa isip ng mga tumataya sa jueteng ay ang problemang dinudulot nito. Ang nagpapagasolina sa biyahe ng corruption ay ang mga bumibili at gumagamit ng illegal drugs at ang mga tumataya sa jueteng. Kaya ang unang dapat sisihin ng sambayanang Pilipinas patungkol sa corruption sa gobyerno ay walang iba kundi ang kanilang mga sarili.

***Threat No. 4 - Masamang Barkada.*** Sinasabi sa Bibliya na, *Bad company corrupts good character* (1 Corinthians 15:33). Nagbunga ito ng kasabihang, *Tell me who your friends are, and I will tell you who you are*. Kung sino ang barkada mo, ganoon ka. Kung mahilig sa sex acts ang mga close friends mo maski sa simula hindi ka ganoon, di maglalaon ganoon din ang kalalabasan mo. Kung durugista ang kasama mo, maski sa simula hindi ka nagdrodroga, sa huli magiging durugista ka na rin. Dito lumalabas ang kahalagahan ng mabuting sambahayan, kung saan habang lumalaki at nagkaka-isip ang mga naninirahan doon at nakararanas ng suporta sa iba, ay siya ring matututong maglaan nito sa kanyang mga kasamahan. Ang mga magkakapatid at magpipinsan na lumalaking magkakaibigan ay nalalayo sa masasamang barkadahan.

Ang paggawa ng masama ay nagsisimula lamang sa maliit na bagay. Ang premarital sex act ay nagsisimula lamang sa holding hands. Ang pagshashabu ay nagsisimula lamang sa paninigarilyo o pagsinghot ng rugby. Ang pagka-casino ay nagsisimula lamang sa tong-its. Ang akyat-bahay gang o assasins-for-hire ay nagsisimula lamang sa barkadang mahilig maglakuwatcha, mag-sex-date, manigarilyo at magtong-its. Napapasama nang napapasama ang mga kabataan kapag sila ay hindi napipigilan – ng magulang, ng mga matatanda sa tahanan, mga mabuting kaibigan o ng law-enforcers man. Nakakasanayan ang paggawa ng kasalanan. Lalong lumalakas ang loob at nagiging mapusok ang

mga nakakalusot sa masamang gawain.

Premarital sex, illegal drug addiction, sugal, masamang barkada, ang apat na ito ang mga pangunahing banta o threats laban sa kabataang Pilipino. Ang tanong ay ito: Paano matutulungan ang mga kabataang at-risk habang sila ay nag-aaral pa? Huwag nating kalimutan ang isang kasabihan sa Pilipinas: Habang may buhay ay may pag-asa.

***Multiple Choice***

1. Ano ang isang mahalagang maituturo ng magulang sa kanyang anak?
   a. Ang ibig sabihin ng pagpapakabuti.
   b. Ang ibig sabihin ng No.
   c. Ang ibig sabihin ng obedience.

2. Ano ang dapat gawin pagkatapos sabihan ang bata ng "NO"?
   a. Sabihan siya na huwag ng ulitin iyon.
   b. Ipaliwanag kung bakit hindi niya dapat gawin ang bagay na iyon.
   c. Hayaan na lamang ang bata na isipin kung bakit hindi iyon tama.

3. Ang pinakamabigat na utos ng Diyos sa mga ama ay
   a. Turuan ang mga anak ng mga sports activities.
   b. Turuan ng Kanyang salita.
   c. Turuan ang mga anak ng gawaing bahay.

4. Upang hindi mabiktima ang anak na babae sa teen-age pregnancy
   a. Turuan siyang gumamit ng contraceptives.
   b. Turuan siya patungkol sa sex education.
   c. Turuan siyang magsabi ng No!

5. Ang mga kabataan na nasasangkot sa paggamit ng illegal drugs kadalasan ay?
   a. Napre-pressure lamang ng mga kakilala.
   b. Pagnanasa na makamtan ang paghanga ng tao.
   c. Dahil sa kakulangan sa pansin.
   d. Lahat ng nabanggit.

6. Ano ang nagpapagasolina sa biyahe ng corruption?
   a. Ang mga bumibili at gumagamit ng illegal drugs.
   b. Ang mga tumataya sa jueteng.
   c. Both a and b

7. Ayon sa 1 Corinthians 15:33, Bad company
   a. Corrupts good character.
   b. Helps develop good character.
   c. Creates good environment.

8. Ano ang apat na pangunahing banta o threats laban sa kabataang Pilipino?
   a. Illegal drugs, Sugal, Premarital Sex, Babae/Lalaki
   b. Premarital Sex, Drugs, Sugal, Masamang Barkada
   c. Cyber Bullying, Depression, Premarital Sex, Drugs

9. Ang pressures in life ay bunga ng
   a. Pagtalikod ng tao sa Diyos.
   b. Desire ng tao na siya ay hangaan ng iba.
   c. Ating maling pananaw sa buhay at mundo.

10. Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin. Kaya
    a. hindi likas sa kanya ang sumamba sa Diyos.
    b. likas sa kanya na sumuway sa Diyos.
    c. may inihandang gawain ang Diyos para sa kanya.

11. Ang inihandang layunin o gawain ng Diyos para sa tao ay ang sambahin at paglingkuran ang Diyos.
    a. True
    b. False

12. Dahil sa pressures in life,
    a. ang tao ay natutong hanapin ang kaligayahan sa iba't ibang bagay.
    b. ang tao ay natutong magpakumbaba.
    c. ang tao ay hindi na kailangang turuan para lumapit sa Diyos.

13. Ano ang pumalit sa hangarin ng tao na sambahin ang Diyos?
    a. Sambahin ang ibang tao.
    b. Sambahin ang mga hayop.
    c. Sambahin ang sarili.

14. Ano ang pumalit sa hangarin ng tao na paglingkuran ang Diyos?
    a. Paglingkuran ang sarili.
    b. Paglingkuran ang mga iniidolo.
    c. Paglingkuran ang ibang tao.

15. Ang dati-rating makadiyos na kalikasan ng tao ay napalitan ng?
    a. Makasariling kaalaman.
    b. Makasariling kalikasan.
    c. Makasariling naisin.

© Revised: March 11, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.